TSPI Tulay sa Pag-unlad, Inc. (A Microfinance NGO) TSPI MUTUAL BENEFIT ASSOCIATION, INC.

# MAGANDANG BALITA NG SAMBAYANIHAN®

JANUARY-MARCH 2023 HIGHLIGHTS | ISSUE NO. 4

## MGA NILALAMAN:


- MGA KAGANAPAN SA SAMBAYANIHAN CENTER KASAMA ANG TSPI PARTNERS (JANUARY TO MARCH HIGHLIGHTS)
- UPDATE SA BILANG NG MGA SAMBAYANIHAN CENTERS
- MABUTING BALITA, ATING ISAGAWA!
- I-KWENTO ANG INYONG MAGANDANG BALITA!


Ang **Sambayanihan®** ay nabuo mula sa mga salitang "samba", "bayan", "bayani, "bayanihan", "ani" at "anihan" na tumutukoy sa "transformational movement" na nais maisakatuparan ng TSPI sa mga komunidad. Naglalayon ito na magsagawa ng iba't ibang programa,sa tulong ng TSPI Mutual Benefit Association, Inc. (MBAI) at ibang ka-partner na mga organisasyon para sa values formation, karagdagang kaalaman sa paghawak ng negosyo at pagsasaka, pagpapahalaga sa kalusugan at pagtulong sa iba pang pangangailangan ng miyembro, kapamilya at komunidad.

## JANUARY HIGHLIGHTS



### FEP Expansion Farm Visit at Pagpupulong ng JGF at DA

Nagkaroon ng pagpupulong ang kinatawan ng Jollibee Group Foundation (JGF), Department of Agriculture (DA) mula sa Local Government Unit (LGU) at Segundo Distrito Farmers sa Bayambang Sambayanihan Center noong Enero 11, 2023.

Ang Segundo Distrito Farmers ay grupo ng magsasaka na ang pangunahing tanim ay mga sibuyas. Nilalayon ng pagpupulong na maisama ang grupo sa Farmers Entrepreneurship Program (FEP) upang maging registered at Good Agricultural Practices (GAP)-certified at para magkaroon sila ng institutional buyer tulad ng Jollibee Group of Companies.

### Medical Mission Kasama ang Generika at RHU

Sa pagtutulungan ng Generika at Rural Health Unit (RHU), matagumpay na naisagawa ang Medical Mission sa Nagcarlan Sambayanihan Center noong Enero 21 at 28, 2023. May humigit kumulang 115 attendees ang natulungan sa gawaing ito.




Nagkaroon ng free consultation at Health Orientation tungkol sa "COVID-19", "Healthy Food and Exercise" (Part 1); "Family Planning" at "Gabay sa mga Bata" (Part 2).

Para mapanatili ang kaayusan habang isinasagawa ang Medical Mission, naging katuwang din ng Branch ang mga Barangay Tanod at 2 Police Offcer ng lugar. Muling nanumbalik ang pakikipagtulungan ng institutional partner na Generika sa pagsulong ng dating programa ng TSPI na "Bantay Kalusugan".

### Pagbisita ng TSPI Founder at WTRC

Noong Enero 30, 2023, magiliw na bumisita sa Sambayanihan Center ng Indang Branch ang isa sa mga nagtatag ng TSPI na si Sir David T. Bussau. Sa kanyang pagbisita kasama ang Wholistic Transformation Resource Center (WTRC) team, nasaksihan nila ang iba'tibang activities tulad ng cluster meeting, feeding activity at bible story reading na dinaluhan ng 110 katao. Ang isa din na naging mahalagang activity sa kanilang pagbisita ay ang pakikipanayam sa humigit kumulang na 25 na kalalakihan ng komunidad na nais matuto ng kasanayan sa pangkabuhayan tulad ng "Welding" course. Ang WTRC ay isa rin sa partner ng TSPI na nagbibigay suporta para mas mapaigting ang iba pang proyekto nito na makakatulong sa mga kliyente at pamilya sa pagpapalago ng kabuhayan, buhay espiritwal, at values formation.



## FEBRUARY HIGHLIGHTS



### "Bida ang Saya" ng Jollibee sa Sambayanihan Center Feeding Activity

Nagbahagi ang Jollibee Group Foundation (JGF) ng pampalasa sa lugaw (Congee) at Ala King Pie para sa Taguig Branch noong Pebrero 03 at Quezon City noong Pebrero 16. Isinagawa ang paghahanda ng mga pagkain sa Sambayanihan Center na Taguig para sa 300 magulang at 300 batang mag-aaral mula sa limang (5) Day Care center. Ang feeding activity naman sa Quezon City Branch ay naganap sa Sambayanihan Center ng Rizal na dinaluhan ng 60 magulang at 90 mga bata. Katuwang din sa gawaing ito ang Barangay Health Workers ng barangay na nagtalakay ng tungkol sa paksang "Nutrisyon" at nagsawa ng Operation Timbang para sa mga bata.

Noong Marso 24, nagbigay muli ang JGF ng chicken inasal para naman sa feeding activity na naganap sa Sambayanihan Center ng San Jose Del Monte Branch na dinaluhan ng 115 attendees..



## Dagdag Kaalaman mula sa Standard Chartered Bank (SCB)

Nagsagawa ng "Product Marketing and Entrepreneur Learning Session" ang Standard Chartered Bank (SCB) bilang pagbibigay ng karagdagang kaalaman para sa mga humigit kumulang 80 kliyenteng nagsidalo noong Pebrero16, 2023 sa Sambayanihan Center ng Mangaldan Branch na matatagpuan sa Brgy. Sta. Maria, Manaoag, Pangasinan. Kasabay na rin nito ang panayam sa napiling mga beneficiaries ng "Futuremakers" ng Standard Chartered COVID-19 Recovery Program. Ito ay programa ng ating partner na insitusyong SCB na naglalayong matulungan ang mga maliliit na negosyong naapektuhan ng pandemic. Ito sa pamamagitan ng pagpapahiram ng puhunan na may higit na mababang interest rate sa kaanak o kapamilya ng kliyente ng TSPI.

## Sabayang Pagsasagawa ng K3 sa Tulong ng RHU



Hindi lang isa, kundi apat ang naisagawang sabay-sabay na Kamalayan sa Kalusugan ng Komunidad (K3) sa tulong ng Rural Health Unit ng Tarlac noong Pebrero 03, 2023.

Ito ay naganap sa mga Sambayanihan Center ng Camiling, Capas, Gerona at Tarlac. Kasabay din ng Health Orientation ay ang pagpapabakuna bilang proteksyon sa COVID-19 at dedication ng Sambayanihan Center mula sa branch ng Camiling at Tarlac. Katuwang din sa gawaing ito ang mga Barangay Officials at Barangay Health Workers kung saan matatagpuan ang naitayong mga Sambayanihan Centers. Ang ilan sa mga natalakay sa K3 ay: Kahalagahan ng COVID-19 Vaccination na dinaluhan ng 30 attendees (Camiling); Family Planning at Tuberculosis na dinaluhan ng 32 attendees (Capas); Family Planning, Immunization at Nutrition na dinaluhan ng 35 attendees (Germona) at Lifestyle Diseases at Anti-TB na dinaluhan ng 48 attendees (Tarlac).




## TEM: Bawat Plastik na Boteng Ginamit, Ating Iligpit

Ang Tindahang Extra Mile (TEM) ay Balik PET Bottle Program na naglalayong mangalap ng nagamit nang mga bote ng produktong Coca-cola mula sa narehistrong pick-up locations bilang kapalit ng environmental points. Ang points na ito ay may katumbas na grocery at Coca-cola premium items. Ito ay isang paraan upang mapangalagaan ang ating kapaligiran lalung-lalo na sa National Capital Region (NCR).

Ang Sambayanihan Center sa Taguig ay isa sa pick-up locations ng Tindahang Extra Mile at may regular schedule kung kailan dito nakukuha ang mga naipong bote mula sa iba't-ibang kliyente ng TSPI na may sari-sari store.

# MARCH HIGHLIGHTS



## Pagbabahagi ng PNP tungkol sa Proteksyon Para sa mga Bata at Kababaihan

Nagpaunlak sa imbitasyon ng Dagupan Branch ang ibang kumakatawang empleyado ng Philippine National Police (PNP) noong Marso 03, 2023. Natalakay ang mahalagang paksa tungkol sa "Women and Children Protection", napapanahon para sa pagdiriwang ng Women's Month ngayong Marso. Ito ay naisagawa sa Sambayanihan Center ng Pugaro, Dagupan City, matapos ang Dedication na dinaluhan ng 34 kliyente.




## MAO, Nagbakuna para sa Alagang Aso at Pusa



Ang Sambayanihan Center ng Nagcarlan ay naging kanlungan din ng mga pinahahalagang alagang hayop tulad ng aso at pusa. Noong Marso 15, 2023 nagkaroon ng libreng pagpapabakuna ng anti-rabies sa mga aso at pusang may edad na 3 buwan mula sa tulong ng mga kumatawan sa Municipal Agriculture Office (MAO) May mga nabakunahang mga alagang 50 na aso at 4 na pusa sa nasabing activity.



## Pinaigting na National ID Registration at Issuance sa tulong ng PSA

Ang serbisyo ng Philippine Statistics Authority (PSA) sa pagproseso ng National ID Registration at issuance ay inilalapit na sa komunidad noong Marso 25, 2023. Naging PhilSys Registration Center ang Sambayanihan Center ng Nagcarlan Branch para sa mas malapit na lugar sa pagsagot ng forms, pagkuha ng litrato at pagsumite ng dokumento ng mga nasasakupan mula sa edad 5 at pataas. May 40 kliyente ng TSPI ang napagsilbihan ng nasabing mahalagang ahensya para sa pagpapabilis na marehistro at maipatanggap ang e-Phil ID.



## MABUTING BALITA, ATING ISAGAWA!

"Masdan ninyo, na pagkabuti
at pagkaligaya sa mga magkakapatid na
magsitahang magkakasama
sa pagkakaisa!"

Mga Awit 133:1

### UPDATE SA BILANG NG MGA SAMBAYANIHAN CENTERS: (AS OF FEBRUARY 2023)

| SECTOR | # of Branches | Sambayanihan Centers | % | Branches with Completed Construction |
|---|---|---|---|---|
| Central | 14 | 7 | 50% | Quezon City, Antipolo, Taguig, SJDM, Baliuag, Valenzuela **Total: 6** |
| North 1 | 18 | 15 | 83% | San Carlos , Umingan, Malasiqui, Manaoag, Mangaldan (3), Bolinao, Bayambang, San Fabian, Dagupan, Tayug (2), Urdaneta, Umingan **Total: 12** |
| North 2 | 21 | 12 | 62% | Batac, Pinili, Vigan, Cabugao, Magsingal, Narvacan, Tubao, Pasuquin, Candon, Agoo **Total: 10** |
| North Central 1 | 11 | 15 | 136% | Gerona, Moncada, Paniqui (2), Tarlac (2), Cabanatuan (2), Sn Fdo, Apalit, Capas, Palayan, Gapan (2), Camiling **Total: 11** |
| North Central 2 | 11 | 9 | 83% | Tuguegarao, Cauayan, Cabatuan, Santiago, San Jose, Guimba, Talavera **Total: 7** |
| South 1 | 16 | 18 | 113% | Candelaria, Calauag(2), Sariaya, Tayabas (2), Mulanay, Atimonan, Tagkawayan, Unisan, , Lucena 1, Catanauan. Sta. Elena, Agdangan, Tiaong, Pagbilao **Total: 14** |
| South 2 | 16 | 15 | 94% | Naga, San Fernando, Calabanga, Pili, Nabua, Polangui, Ligao, Daraga, Legazpi, Goa, Labo, Tabaco, Sorsogon, Iriga **Total: 14** |
| South Central | 13 | 13 | 100% | Indang (3), Balayan (2), Nagcarlan(2), Nasugbu, DBB (Bacoor), San Pablo, Tanauan **Total: 7** |
| **Grand Total** | **120** | **104** | **85%** | **Branches: 81** |

## I-KWENTO ANG INYONG MAGANDANG BALITA!

**Mag-Sambayanihan na rin tayo sa pag-contribute ng mga kwento para sa ating newsletter! Ibahagi na ang magandang balita tungkol sa mga activities na nagaganap sa inyong mga Sambayanihan Centers. Ipadala ang inyong kwento sa email <mfguevarra@tspi.org> at samahan ng magagandang pictures!**

**Ang kwento mo, i-*MBNS na yan!** **MBNS - Magandang Balita ng Sambayanihan*